

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0009
	Title	<u>Temporary Relaxation of the Prescribed Deadlines for the Remittance of Collected Premium and Submission of Required Reports of Accredited Collecting Agents (ACAs)</u>

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular (PC) No. 2022-0009?	<p>Ito ay para gabayan ang mga ACAs tungkol sa pansamantalang pagluluwag o pagbibigay ng palugit sa mga itinakdang araw ng pagde-deposito ng koleksyon at pagsusumite ng kaukulang dokumento mula sa kontribusyon ng mga miyembro ng PhilHealth.</p>
2. Ano ang sakop ng polisiyang ito?	<p>Ito ay para sa mga ACAs ng PhilHealth na apektado ng pandemya ayon sa nakasaad sa R.A. No. 11469 (Bayanihan to Health as One Act) at R.A. No. 11494 (Bayanihan to Recover as One Act) at sa mga pangyayaring hindi kontrolado o hindi inaasahan ng tao, at mga dulot ng pwersa ng kalikasan at mga hindi inaasahang pangyayari.</p> <p>Halimbawa: Pandemya, lindol, baha, bagyo, sunog, pagputok ng bulkan, digmaan, at iba pa.</p>
3. Anu-ano ang kailangang isumite ng mga ACAs sa PhilHealth para maituring na kwalipikadong tagapakinabang sa polisiyang ito?	<p>Ang ACAs ay kinakailangang magsumite ng liham sa PhilHealth para humingi ng palugit sa pagde-deposito ng koleksyon at pagsusumite ng mga dokumento. Dapat na nakasaad sa liham ang dahilan kung bakit pansamantalang hindi makapagde-deposito ng koleksyon at makapagsusumite ng mga dokumento.</p>
4. Ilang araw ang palugit na ibibigay ng PhilHealth para makapagdeposito ng koleksyon at makapagsumite ng mga dokumento ang mga ACAs?	<p>Ang mga ACAs ay may karagdagang tatlong (3) araw na palugit mula sa araw na nakasaad sa kontrata para makapagdeposito ng koleksyon at magkapagsumite ng dokumento. Subalit kung sa anumang kadahilanan ay hindi pa rin nagawa ng ACAs na makapag-deposito ng koleksyon at makapag-sumite ng kinakailangang dokumento ayon sa ibinigay na palugit, kinakailangang magsumiteng muli ng liham para humingi ng karagdagang palugit sa PhilHealth.</p>

